# *Mapalad ang tao na Natatakot sa PANGINOON Yugto 1*

***"Ang pagkatakot sa tao ay nagdadala ng silo: nguni't ang naglalagak ng kaniyang tiwala sa Panginoon ay maliligtas." (Kawikaan 29:25 KJV)***

Ang Dios ang Lumikha ng langit at ng lupa. Dapat matakot ang tao sa Dios at manginig sa Kanya, sapagkat kahit ang hininga ng tao ay mula sa Dios. *Kaya, kailangang magkaroon ng kamalayan ang tao na maaring kunin ng Dios ang kanyang buhay sa anumang sandaling Siya ay magpapasya. Ang mga natatakot sa tao, sila ay mahuhulog sa maraming kasalanan. Sila'y mapipilitan at mamanipulahing gumawa ng masama dahil sa takot nila sa tao. Ang kanilang takot sa tao ay isang patibong sa kanila, ay isang bitag sa kanila, at sila ay mahuhulog sa mga panganib at kaguluhan.*

*Ang mga natatakot sa Dios, ilalagak nila ang kanilang pagtitiwala sa Kanyang Salita at sila'y aasa sa Kanya at sa Kanyang kapangyariahan bilang isang mapagkukunan ng kapangyarihan sa kanilang buhay. Ang mga natatakot sa Dios sila'y aasa sa Kanyang Salita at sa Kanyang mga pangako; sasamantalahin nila kung anong Kanyang sinabi sa Kanyang Salita.*

*Ang Panginoon habang tayo'y nagagalak sa Kanya, hindi Niya tayo iiwan o pababayaan man sa hangarin ng ating mga kaaway,* ***''5 Mangilag kayo sa pagibig sa salapi; mangagkasiya kayo sa inyong tinatangkilik: sapagka't siya rin ang nagsabi, Sa anomang paraan ay hindi kita papagkukulangin, sa anomang paraan ni hindi kita pababayaan. 6 Ano pa't ating masasabi ng buong tapang, Ang Panginoon ang aking katulong; hindi ako matatakot: Anong magagawa sa akin ng tao?'' (Hebreo 13:5-6 KJV)***

*Ang mga natatakot sa Dios, sila'y hindi naghihintay o nagmamasid upang pasiyahin ang mga tao o sumabay sa kanilang mga kahilingan, ngunit maingat silang nagbabantay upang tuparin ang Banal na Kasulatan at isinasagawa ang mga ito. Sinusubukan mong gawing masaya ang mga tao ay hindi ka magiging masaya o magiging madali ang iyong buhay.*

*Ang higit na hindi ka maingat sa pagsunod sa Dios at sa Kanyang Salita upang pasiyahin ang mga tao, ang higit na ikaw ay lumalayo sa Dios at ang higit na ikaw ay nasa kaguluhan.*

***''Siyang nagiingat sa salita ay makakasumpong ng mabuti: at ang nananalig sa Panginoon ay mapalad." (Kawikaan 16:20 KJV)*** *Kapag nais mong hawakan ang mga bagay nang matalino, ang tanging paraan para magawa mo iyan ay ang pumunta sa Salita ng Dios at ipamuhay ang sinasabi nito, sa gayon ay makikita mo kung ano ang mabuti.*

***''Siyang nagiingat sa salita ay makakasumpong ng mabuti: at ang nananalig sa Panginoon ay mapalad." (Kawikaan 16:20 KJV)*** *Habang ikaw ay nagtitiwala sa Dios at nagtitiwala sa Kanyang Salita sa iyong pang araw-araw na pakikibaka at sa pagharap sa mga kahirapan, sa gayon ikaw ay higit masaya.*

Sa Pasimula, pagkatapos ng paglikha, ang pagkahulog ng tao ay naganap dahil ang tao ay sumuway sa utos ng Dios at kinain ang bunga mula sa ipinagbabawal na punong kahoy. Iniutos na ng Dios sa tao ang bagay na ito, ***"16 At iniutos ng Panginoong Dios sa lalake, na sinabi, Sa lahat ng punong kahoy sa halamanan ay makakakain ka na may kalayaan: "17 Datapuwa't sa kahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama ay huwag kang kakain; sapagka't sa araw na ikaw ay kumain niyaon ay walang pagsalang mamamatay ka." (Genesis 2:16-17 KJV)*** Bilang bunga niyon, ang lalaki at ang kanyang asawa ay pinalayas sa Halamanan ng Eden. Ngayon, ang ilan, ay maaring magisip na ang ginawa ng tao ay simpleng kasalanan, at bakit ang Dios sa ganoong kaliit na bagay ay ibinigay Niya ang gayong kaparusahan sa tao. Ating basahin ang Genesis kabanata 3, at ating unawain kung bakit ang tao ay sumuway sa utos ng Dios, upang maunawaan natin kung bakit tinanggap niya ang gayong mga bunga ng kanyang pagsuway.

***"1 Ang ahas nga ay lalong tuso kay sa alin man sa mga hayop sa parang na nilikha ng Panginoong Dios. At sinabi niya sa babae, Tunay bang sinabi ng Dios, Huwag kayong kakain sa alin mang punong kahoy sa halamanan? 2 At sinabi ng babae sa ahas, Sa bunga ng mga punong kahoy sa halamanan ay makakakain kami: 3 Datapuwa't sa bunga ng punong kahoy na nasa gitna ng halamanan ay sinabi ng Dios, Huwag kayong kakain niyaon, ni huwag ninyong hihipuin, baka kayo'y mamatay. 4 At sinabi ng ahas sa babae, Tunay na hindi kayo mamamatay: 5 Sapagka't talastas ng Dios na sa araw na kayo'y kumain niyaon ay madidilat nga ang inyong mga mata, at kayo'y magiging parang Dios, na nakakakilala ng mabuti at masama. 6 At nang makita ng babae, na ang bunga ng punong kahoy ay mabuting kanin, at nakalulugod sa mga mata, at kahoy na mananasa upang magpapantas sa tao, ay pumitas siya ng bunga niyaon at kinain; at binigyan din niya ang kaniyang asawang kasama niya, at ito'y kumain. 7 At nadilat kapuwa ang kanilang mga mata, at kanilang nakilalang sila'y mga hubad; at sila'y tumahi ng mga dahon ng puno ng igos, at kanilang ginawang panapi. 8 At narinig nila ang tinig ng Panginoong Dios na lumalakad sa halamanan sa kulimlim ng araw: at nagtago ang lalake at ang kaniyang asawa sa harapan ng Panginoong Dios sa pagitan ng mga punong kahoy sa halamanan. 9 At tinawag ng Panginoong Dios ang lalake at sa kaniya'y sinabi, Saan ka naroon? 10 At sinabi niya, Narinig ko ang iyong tinig sa halamanan, at ako'y natakot, sapagka't ako'y hubad; at ako'y nagtago. 11 At sinabi niya, Sinong nagsabi sa iyong ikaw ay hubad? nakakain ka ba ng bunga ng punong kahoy, na iniutos ko sa iyong huwag mong kanin? 12 At sinabi ng lalake, Ang babaing ibinigay mong aking kasamahin, ay siyang nagbigay sa akin ng bunga ng punong kahoy at aking kinain. 13 At sinabi ng Panginoong Dios sa babae, Ano itong iyong ginawa? At sinabi ng babae, Dinaya ako ng ahas, at ako'y kumain. 14 At sinabi ng Panginoong Dios sa ahas, Sapagka't ginawa mo ito, ay sumpain ka ng higit sa lahat ng hayop, at ng higit sa bawa't ganid sa parang; ang iyong tiyan ang ilalakad mo, at alabok ang iyong kakanin sa lahat ng mga araw ng iyong buhay: 15At papagaalitin ko ikaw at ang babae, at ang iyong binhi at ang kaniyang binhi: ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kaniyang sakong. 16 Sinabi niya sa babae, Pararamihin kong lubha ang***

***iyong kalumbayan at ang iyong paglilihi; manganganak kang may kahirapan; at sa iyong asawa ay pahihinuhod ang iyong kalooban, at siya'y papapanginoon sa iyo. 17 At kay Adam ay sinabi, Sapagka't iyong dininig ang tinig ng iyong asawa, at kumain ka ng bunga ng punong kahoy na aking iniutos sa iyo na sinabi, Huwag kang kakain niyaon; sumpain ang lupa dahil sa iyo; kakain ka sa kaniya sa pamamagitan ng iyong pagpapagal sa lahat ng mga araw ng iyong buhay; 18 Ang isisibol niyaon sa iyo ay mga tinik at mga dawag; at kakain ka ng pananim sa parang; 19 Sa pawis ng iyong mukha ay kakain ka ng tinapay, hanggang sa ikaw ay mauwi sa lupa; sapagka't diyan ka kinuha: sapagka't ikaw ay alabok at sa alabok ka uuwi. 20 At tinawag na Eva ng lalake ang kaniyang asawa, sapagka't siya ang naging ina ng lahat ng mga nabubuhay. 21 At iginawa ng Panginoong Dios si Adam at ang kaniyang asawa ng mga kasuutang balat at sila'y dinamitan. 21 At sinabi ng Panginoong Dios, Narito't ang tao'y naging parang isa sa atin, na nakakakilala ng mabuti at ng masama; at baka ngayo'y iunat ang kaniyang kamay at pumitas naman ng bunga ng punong kahoy ng buhay, at kumain at mabuhay magpakailan man:23 Kaya pinalayas siya ng Panginoong Dios sa halamanan ng Eden, upang kaniyang bukirin ang lupaing pinagkunan sa kaniya. 24 Ano pa't itinaboy ang lalake; at inilagay sa silanganan ng halamanan ng Eden ang mga Querubin at ang isang nagniningas na tabak na umiikot, upang ingatan ang daang patungo sa kahoy ng buhay." (Genesis 3:1-24 KJV)***

Ang diablo ay mayroon ng kanyang unang pakikipagusap sa babae, at pinukaw siya sa pamamagitan ng pagtatanong na ito upang makita kung ano talaga ang nasa loob niya, ***"At sinabi niya sa babae, Tunay bang sinabi ng Dios, Huwag kayong kakain sa alin mang punong kahoy sa halamanan?" (Genesis 3:1 KJV)*** Ang babae sa kanyang sagot ay tinanggihan ang sinabi ng diablo tungkol sa Dios, na hindi ipinahihintulot sa kanila na kumain mula sa alinmang bunga sa punong kahoy sa halamanan. Ngunit dinagdagan ng babae ang katotohanan, ***"2 At sinabi ng babae sa ahas, Sa bunga ng mga punong kahoy sa halamanan ay makakakain kami: 3 Datapuwa't sa bunga ng punong kahoy na nasa gitna ng halamanan ay sinabi ng Dios, Huwag kayong kakain niyaon, ni huwag ninyong hihipuin, baka kayo'y mamatay." (Genesis 3:2-3 KJV)*** Hindi sinabi ng Dios ang tungkol sa punong kahoy o sa bunga na ito na huwag hihipuin ng tao. Dinagdagan ng babae ang katotohanan dahil siya ay umaasa sa kaniyang sariling kaunawaan.

*Mayroong mga tao na mayroon ng kanilang sariling pagiisip na hindi batay sa Banal na Kasulatan. Ang gayong mga tao ay may panganib na malinlang ng Diablo.* Tunay na nilinlang ng diablo ang babae nang sinabi niya sa kanya, ***"Tunay na hindi kayo mamamatay." (Genesis 3:4 KJV)*** *Ang mga tao ay may sariling kaunawaan kapag sila'y hindi umaasa sa kung anong nakasulat sa Banal na Kasulatan*.

Baka nais ng babae na maging mas matalino kaysa sa Dios o mas matalino sa Kanyang Salita o maaring nais niyang mas maging matalino sa kanyang asawa na nagtuturo sa kanya ng kautusan ng Dios. Ibinigay ng Dios ang kautusan sa lalaki at ang lalaki ang magtuturo ng utos sa kanyang asawa. Ang babae ay kumilos sa pamamagitan ng diablo na umakit sa kanya pa, na siya ay maaring maging kagaya ng Dios, ***"5 Sapagka't talastas ng Dios na sa araw na kayo'y kumain niyaon ay madidilat nga ang inyong mga mata, at kayo'y magiging parang Dios, na nakakakilala ng mabuti at masama." (Genesis 3:5 KJV)*** Itinuring ng babae ang kaalaman na ibinigay ng diablo sa kanya, at naakit pa siya ng higit nang siya'y tumingin sa magandang tanawin ng puno, at naisip niya pa kung siya ay susuway sa Dios siya ay magiging matalino, ***"6 At nang makita ng babae, na ang bunga ng punong kahoy ay mabuting kanin, at nakalulugod sa mga mata, at kahoy na mananasa upang magpapantas sa tao, ay pumitas siya ng bunga niyaon at kinain; at binigyan din niya ang kaniyang asawang kasama niya, at ito'y kumain." (Genesis 3:6 KJV)*** Ganap na batid ng babae ang iniutos ng asawa niya sa kanya, ngunit siya'y nagpasya na sumuway sa Dios, dahil naisip niya na siya'y magiging mabuti, kaya siya'y kumain, at hinayaang niyang kumain maging ang kanyang asawa.

Ang pag uusap ng babae sa diablo ay isang karaniwang pangyayari bago ang pagkakasala. *Kapag batid mo na ang utos sa gayon hindi na kailangang magkaroon ng hangal na pagninilay at makakapinsalang pakikipagtalakayan sa diablo, dahil ito'y hahantong sa iyo sa kasalanan. Mayroong mga taong lalapit upang makipagtalo tungkol sa tiyak na mga kautusan mula sa Salita ng Dios at gusto nilang baguhin ang mga ito at gaiwn ang kanilang pansariling kalooban. Iyon talaga ang nangyari at nagdulot sa tao na bumagsak sa kasalanan sa Genesis 3.*

***"7 At nadilat kapuwa ang kanilang mga mata, at kanilang nakilalang sila'y mga hubad; at sila'y tumahi ng mga dahon ng puno ng igos, at kanilang ginawang panapi." (Genesis 3:7 KJV)*** Nang sila'y nagkasala, nawala ang kanilang proteksyon at ang kanilang pantakip, at sila'y naging hubad. Kaya sila'y tumahi ng dahon sa puno ng igos upang gawing pantakip sa kanilang sarili.

Ang Dios ay kumilos upang tanungin sila, upang siyasatin sila kung anong nangyari at harapin ang sitwasyon at gawin ang kinakailangan. ***"8 At narinig nila ang tinig ng Panginoong Dios na lumalakad sa halamanan sa kulimlim ng araw: at nagtago ang lalake at ang kaniyang asawa sa harapan ng Panginoong Dios sa pagitan ng mga punong kahoy sa halamanan." (Genesis 3:8 KJV)*** Itinago nina Adam at Eva ang kanilang sarili. Kapag ang mga tao ay nagkasala, susubukan nilang itago ang kanilang mga kasalanan, upang ang kanilang ginawang kasalanan ay hindi malantad. Ang Dios ay mabuti pa rin kapag nahuli Niya tayo matapos nating gumawa ng pagkakamali, dahil nais Niya pa ring panumbalikin tayo pabalik sa Kanyang plano at ang masaganang buhay na mayroon siya para sa atin.

Hindi susuko ang Dios sa tao, maging matapos niyang magkasala: ***"9 At tinawag ng Panginoong Dios ang lalake at sa kaniya'y sinabi, Saan ka naroon?" (Genesis 3:9 KJV)*** Tinanong ng Dios ang lalaki, ***Saan ka naroon?"*** (Nasaan ka!) upang hindi lamang siya disiplinahin kundi sa huli'y maibalik siya.

Sumagot ang lalaki sa Dios, ***"10 At sinabi niya, Narinig ko ang iyong tinig sa halamanan, at ako'y natakot, sapagka't ako'y hubad; at ako'y nagtago." (Genesis 3:10 KJV)*** Ipinagtapat ng lalaki na siya ay nagtatago sa Dios dahil siya'y nahihiya na magpakita sa harapan ng

Dios sa pagiging hubad. *Pagkatapos mong magkasala ikaw ay magsisimulang matakot, naghahanap upang magtago dahil alam mo na ikaw ay may nagawang mali.*

***"11 At sinabi niya, Sinong nagsabi sa iyong ikaw ay hubad? nakakain ka ba ng bunga ng punong kahoy, na iniutos ko sa iyong huwag mong kanin?" (Genesis 3:11 KJV)*** Tinanong ng Dios ang lalaki, ***Sinong nagsabi sa iyong ikaw ay hubad?"*** Ibig sabihin, ang lalaki ay nakinig sa ibang mga tinig at hindi siya nakinig sa tinig ng Dios at sa iniutos Niya kanya. Ang lalaki alinman ay nakinig o sumunod sa tinig ng ahas o sa kanyang asawa, ngunit hindi siya nakinig sa tinig ng Dios, at kaya naman siya ay nahulog sa kasalanan. Hinarap ng Dios ang lalaki, ***"nakakain ka ba ng bunga ng punong kahoy, na iniutos ko sa iyong huwag mong kanin?"*** *Dapat tanggapin ng lalaki ang ginawa niya at managot sa kanyang kasalanan, at humingi ng kapatawaran mula sa Dios, upang magkaroon ng awa sa kanya. Hinidi ginawa iyon ng lalaki.*

***"12 At sinabi ng lalake, Ang babaing ibinigay mong aking kasamahin, ay siyang nagbigay sa akin ng bunga ng punong kahoy at aking kinain." (Genesis 3:13 KJV)*** Sinisisi ng lalaki ang babae na nagbigay sa kanya upang kumain, at isinisisi niya sa Dios na binigyan siya ng babae. *Ang mga taong hindi marunong magsisi, isisisi nila sa ibang tao at sa Dios. Sa gayong sagot ni Adam, alam ng Dios kung anong gagawin niya sa lalaki.*

Ngayon ang pagbaling ay dumating sa babae, "***13 At sinabi ng Panginoong Dios sa babae, Ano itong iyong ginawa? At sinabi ng babae, Dinaya ako ng ahas, at ako'y kumain." (Genesis 3:13 KJV)*** Ang tanong na itinanong ng Dios sa babae? ***Ano itong iyong ginawa?*** Tinanong siya ng Dios kung alam niya ang kanyang kasalanan at ano ang maling ginawa niya? Ang babae ay wala ring pagsisisi at ibinigay niya ang sisi sa ahas. Kaya sa ganitong sagot ng babae alam na ng Dios ang gagawin Niya sa babae. *Maraming tao ang walang kamalayan sa kanilang mga kasalanan at kung ano ang kanilang ginawang mali at ginagawa pa rin nila ang kanilang pinakamahusay upang ibigay ang sisi sa iba.*

Tinanong ng Panginoon ang dalawa si Adam at ang kanyang asawa dahil may pagkakataon pa sila na magsisi at manumbalik sa plano ng Dios. Ngunt hindi nagtanong ang Dios o tinanong kung anong ginawa ng ahas, dahil ang walang hanggang paghatol nito ay hindi na mababago. Inilagay ng Dios ang sumusunod na sumpa sa ahas ***"At sinabi ng Panginoong Dios sa ahas, Sapagka't ginawa mo ito, ay sumpain ka ng higit sa lahat ng hayop, at ng higit sa bawa't ganid sa parang; ang iyong tiyan ang ilalakad mo, at alabok ang iyong kakanin sa lahat ng mga araw ng iyong buhay:" (Genesis 3:14)***

***"15 At papagaalitin ko ikaw at ang babae, at ang iyong binhi at ang kaniyang binhi: ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kaniyang sakong." (Genesis 3:15)*** *Ang Dios pagkatapos Niyang sumpain ang diablo ay isinulong Niya ang plano ng kaligtasan para sangkatauhan, tulad ng ipinangako Niya dito na ang binhi ng babae ay dudurog sa ulo ng ahas. Si Jesucristo, ang binhi ng babae, ay dudurog ang ulo ng ahas nang Siya ay mamatay sa krus para sa ating mga kasalanan upang bigyan tayo ng buhay na walang hanggan.*

*Sa idinulot ng Dios sa diablo, ang diablo ay mayroong alitan sa binhi ng babae. Kaya, ang labanan sa diablo ay nagpatuloy. Bilang alagad ni Jesus tayo ay tinawag upang lumaban ng mabuting pakikipaglaban laban sa diablo, ang ahas, ang mga demonyo nito at ang mga ginagamit niya ng kasamaan.*

***"16 Sinabi niya sa babae, Pararamihin kong lubha ang iyong kalumbayan at ang iyong paglilihi; manganganak kang may kahirapan; at sa iyong asawa ay pahihinuhod ang iyong kalooban, at siya'y papapanginoon sa iyo." (Genesis 3:16 KJV)*** *Bilang bunga ng kasalanan ng babae, inilagay ng Panginoon ang kaparusahang ito sa kanya upang, kapag siya'y manganak sa sakit at kapighatian, ay dalhin siya sa pagsisi at magawa niyang mapagtanto na kailangan niya ang Dios sa kanyang buhay upang lampasan ang kasakitan sa buhay.*

*Ang dahilan na ibinigay ng Dios ang disiplina sa tao nang ang tao ay nagkasala, ay upang mapagtanto niya na kailangan niya ang Dios at kailangan niyang bumalik sa Dios upang makayanan ang sakit at pighati ng buhay.*

Ang pagdadalang tao ng mga hayop at panganganak, ay hindi masakit katulad ng tao, dahil tinawag ng Dios ang tao na tumawag sa Dios sa panahon ng kanyang kapighatian. Ngayon ang ibang aspeto ng disiplina ng Dios sa babae ay ang sumusunod: ***"at sa iyong asawa ay pahihinuhod ang iyong kalooban, at siya'y papapanginoon sa iyo."*** *Ano ang ibig niyang sabihin doon, ay kung ano man ang hangarin o kagustuhan para sa babae, upang para sa kanya ay mabigyan, kailangan niyang bumalik sa kanyang asawa para sa pagsang ayon.*

*Bakit sinabi iyon ng Dios sa babae? Ang babae nang kumain siya ng bunga ng ipinagbabawal sa punong kahoy, tiyak ang kanyang asawa at inutusan siya na huwag gawin iyon. Hindi siya sumunod sa kanyang asawa dahil hindi siya natatakot sa Dios. Ang kanyang sariling kaunawaan at ang paraan kanyang pananggalan na huwag sumunod sa utos ng kanyang asawa na nagmula sa Salita ng Dios. Hindi lamang iyong ang ginawa niya, kundi pinilit niya ang kanyang asawa na sumuway sa Dios sa pagbibigay sa kanya na kumain mula sa pinagbabawal na bunga.* ***"pumitas siya ng bunga niyaon at kinain; at binigyan din niya ang kaniyang asawang kasama niya, at ito'y kumain." (Genesis 3:6 KJV)*** Kung babasahin pa natin kung ano ang sinabi ng Dios sa lalaki pagtitibayin ito sa atin kung bakit Niya ibinigay sa babae na mapasa pamamahala ng lalaki.

*Pagmasdan din mula sa nangyari, na ang mga makasalanan kapag sila'y nagkasala nais nila ang iba ay mahulog, at gawin ang kaparehong kasalanan upang sila'y hindi mag iisa na gawin ang tanging kasalanan na iyon. Upang hindi lamang sila ang magkasala, upang isipin nila na sa ganoon makakapangatwiran sa sila sa harapan ng Dios.*

***“17 At kay Adam ay sinabi, Sapagka't iyong dininig ang tinig ng iyong asawa, at kumain ka ng bunga ng punong kahoy na aking iniutos sa iyo na sinabi, Huwag kang kakain niyaon; sumpain ang lupa dahil sa iyo; kakain ka sa kaniya sa pamamagitan ng iyong pagpapagal sa lahat ng mga araw ng iyong buhay;” (Genesis 3:17 KJV)*** Sinabi ng Dios sa lalaki, na kumain siya ng bunga na ipinagbabawal na punong kahoy sa pagsunod sa tinig ng kanyang asawa, ***“Sapagka't iyong dininig ang tinig ng iyong asawa.”*** Ginawa iyon ng lalaki dahil hindi siya natakot sa Dios ngunit natakot siya mula sa kanyang asawa.

*Marami ang takot sa kanilang mga asawa at dahil doon nilabag nila ang Salita ng Dios, at yaon ay kasalanan.* Payuhan tayo ngayon tungkol sa sinabi ni Jesus, ***“At huwag kayong mangatakot sa mga nagsisipatay ng katawan, datapuwa't hindi nangakakapatay sa kaluluwa: kundi bagkus ang katakutan ninyo'y yaong makapupuksa sa kaluluwa at sa katawan sa impierno.” (Mateo 10:28 KJV)*** *Sa ginawang iyom ng lalaki sa pagsunod sa tinig ng kanyang asawa kaysa sa tinig ng Dios, ay hindi pagibig o paggalang. Iyon ang pagkatakot sa tao. Dapat hindi labagin ng tao ang Salita ng Dios upang paluguran ang kanyang asawa. Ito ay kasalanan at ang lalaki ay magdudusa sa pagkita ng kanyang pagkain at kanyang pamumuhay dahil ito.*

*Dapat pamunuan ng Lalaki ang pamilya ng naayon sa Salita ng Dios at dapat siyang manindigan sa kanyang pamilya; na ang Salita ng Dios ay dapat ipatupad at huwag labagin. Kung ang asawang babae ay magsasalita ng Salita ng Dios, kailangang isaalang alang ng lalaki at sundin ang sinabi ng kanyang asawa. Ngunit kapag nakilala niya na siya ay hindi nagsasalita ng Salita ng Dios para sa isang maling motibo sa gayon hindi dapat siyang making sa sasabihin niya.*

***“18 Ang isisibol niyaon sa iyo ay mga tinik at mga dawag; at kakain ka ng pananim sa parang; 19 Sa pawis ng iyong mukha ay kakain ka ng tinapay, hanggang sa ikaw ay mauwi sa lupa; sapagka't diyan ka kinuha: sapagka't ikaw ay alabok at sa alabok ka uuwi.” (Genesis 3:18-19 KJV)*** *Ang mga lumalabag sa Salita ng Dios, ang kanilang buhay ay magiging mga dawag at tinik at ang pagkita ng kanilang kabuhayan ay magiging mahirap na mabigat maliban kung sila ay magsisisi.*

*Ngayon, kung ano ang nagkalat ay ang transgender, kung saan natagpuan natin ang tao na maging malambot o makupad at kinuha ang patakaran ng babae, at natagpuan din natin ang babae na naging matapang na kunin ang patakaran ng lalaki at namamahala sa kanyang asawa. Sa pagsulong ng gamot at operasyon (pag aayos ng kanilang panlabas at panloob na sekswal na organo) nagiging posible para sa mga lalaki na maging babae at ang mga babae ay maging lalaki at para sa transgender ang kasal ay posible. Ngunit ito ay kabaligtaran sa sinasabi ng Kasulatan, at kailangan nating tiyakin na tutulan ang gayong kasamaan. Kailangan nating tanggapin at kupkupin na ang takot sa tao ay hindi dapat magtulak sa atin na labagin ang Salita ng Dios. Ang tao ay tinawag na manindigan laban sa gayong kalibugan, at tulad ng pagsalungat sa katotohanan, at ang susi para doon ay ang matakot sa Dios at sundin ang Kanyang Salita, at huwag matakot sa tao.*

***“20 At tinawag na Eva ng lalake ang kaniyang asawa, sapagka't siya ang naging ina ng lahat ng mga nabubuhay.” (Genesis 2:20 KJV)*** Ang kahulugan ng Eva ay buhay o pamumuhay. Isang magandang pangalang ibinigay ni Adam sa kanyang asawa. Ang paraan ng pagibig na ito ay katanggap tanggap Ngunit hindi katanggap tanggap na labagin ang Salita ng Dios dahil sa takot sa tao. Ang mga sumasalungat sa katotohanan, maari tayong magsalita ng mahinahaon at ipahayag kanila ang biyaya ng Dios sa ating pakikipag usap, ngunit dapat tayong matakot sa Dios at maging maingat na huwag sumabay sa kanilang pamimilit at sumunod na gumawa ng mali kapag hiniling na gawin natin.

***“21 At iginawa ng Panginoong Dios si Adam at ang kaniyang asawa ng mga kasuutang balat at sila'y dinamitan.” (Genesis 3:21 KJV)*** Ipinakita pa ng Panginoon ang Kanyang pagibig at malasakit para sa lalaki at sa kanyang asawa nang pinatay Niya ang mga hayop at gumawa ng kasuutang balat at dinamitan silang dalawa.

***“22 At sinabi ng Panginoong Dios, Narito't ang tao'y naging parang isa sa atin, na nakakakilala ng mabuti at ng masama; at baka ngayo'y iunat ang kaniyang kamay at pumitas naman ng bunga ng punong kahoy ng buhay, at kumain at mabuhay magpakailan man:” (Genesis 3:22 KJV)*** *Nais ng tao na kumain sa ipinagbabawal na punong kahoy iniisip na tunay ang sinabi ng diablo, na kapag sila'y kumain niyon, sila'y magiging katulad ng Dios. Ngayon kailangan silang paalisin upang wala silang daan sa puno ng buhay na ipinahintulot ng Dios sa kanila bago kumain. Ang puno ng buhay, ang bunga nito ay nagbibigay ng buhay. Ang buhay pagkatapos ng kasalanan ay magiging totoo sa pamamagitan ng pagsisisi. Kaya naman pinaalis sila ng Dios mula sa Halamanan upang hindi sila makakain mula sa puno ng buhay nang walang pagsisi.*

Kaya kinailangan ng Dios na paalisin ang tao upang maunawaan ng tao na siya magkakaroon ng buhay maliban sa pamamagitan ng pagsisisi at magkaroon ng pananampalataya sa binhi ng babae, si JesusCristo, na dudurog sa ulo ng ahas at magbibigay ng walang hanggang buhay sa lahat ng nagsisi at may pananampalataya sa Kanya at sa Kanyang Salita.

***“23 Kaya pinalayas siya ng Panginoong Dios sa halamanan ng Eden, upang kaniyang bukirin ang lupaing pinagkunan sa kaniya.” (Genesis 3:23 KJV)*** Ipinatupad ng Dios ang Kanyang disiplina at pinalayas ang tao sa pamamagitan ng pwersa mula sa mapalad na estado ng kanyang kinaroroonan. Kailangang magdusa ng tao dahil sa kanyang kasalanan, at magsikap para sa kanyang pamumuhay, upang maakay siya sa tunay na pagsisisi.

***Sa aking mahal at minamahal: “24 Ano pa't itinaboy ang lalake; at inilagay sa silanganan ng halamanan ng Eden ang mga Querubin at ang isang nagniningas na tabak na umiikot, upang ingatan ang daang patungo sa kahoy ng buhay.” (Genesis 3:24 KJV)*** Binantayan mismo ng Dios ang bukana ng Halamanan ng Eden, upang maging malinaw ito sa tao na hindi siya magkakaroon ng buhay

hangga't siya'y magsisi, at simulang sumunod sa Dios at magkaroon ng takot sa Kanya. Kapag ang tao ay nagkasala, tuturuan ng Dios ang tao kung paano matakot sa Kanya at tigilang gumawa ng masama.

Ating matutunan ngayon mula sa mensahe, na huwag matakot sa tao at huwag matakot sa diablo, kundi matutunan nating matakot sa Dios at matakot sa mga Kanyang Salita at utos at isagawa ang mga ito, upang ang Panginoong Dios, ay malugod sa atin at tulungan tayong magpatuloy sa buhay na ginagawa ang Kanyang sariling kalooban at plano.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli noong ikatlong raw mula sa mga namatay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para saa iyong malinaw na Salita sa akin.*

*Panginoon Ako'y nagsisisi sa kasalanan ng takot sa tao.*

*Tayo'y magsisi sa ating mga kasalanan* ______________

*Panginoon ipinangako ko ang sarili na mamuhay sa pagkatakot sa Iyo at ilagak ang aking sarili na sumunod sa iyong Salita at sa lahat ng iyong mga utos. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili at ipatupad ang mga ito sa aking buhay atsa buhay ng aking pamilya at sa mga taong nasa ilalim ng aking pangangalaga. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na huwag matakot s atao, magtiwala sa iyo na tutulungan mo ako sa aking buhay at ililigtas mo ako mula sa anumang kaguluhan na maaring dumating mula sa tao.*

*Panginoon, ang aking Pagasa at ang aking buhay sa iyo, nalalaman na mayroon kang mabuting plano sa akin at tutuparin mo ito. Panginoon muling puspsin mo ako ng iyong Banal na Espiritu na magpatuloy at maglingkod sa iyo. Panginoon protektahan mo ako at ibigay ang aking pang araw-araw na pangangailangan. Ako'y nagpapasalamat at pinupuri kita, ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon dalangin ko para aking mga kapatid na Lalaki at Babae na napagtanto ang kanilang mga kasalanan at nagsisi mula sa kanilang mga kakulangan at sinimulang matakot sa iyo, Panginoon ibalik mo sila sa iyo. Dagdagan ang kanilang pananampalatay at ang kanilang pagtitiwala sa iyo at sa iyong Salita. Panginoon puspusin sila ng iyong Banal na Espiritu at tulungan sila na maglingkod sa iyo na may espirituwal na mga kaloob ng Banal na Espiritu. Panginoon hayaan ang kanilang buhay ay maging isang patotoo sa iba na magtiwala sa iyo at sundin ka ng buong puso.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan, at tulungan kaming mag evangelio at abutin ang nawawala ng evangelio ni Jesus at ituro sa kanila ang Salita at ang iyong mga landas. Panginoong paging dapatin kami makagawa ng bagong mga alagad. Panginoon Pangunahan kami at tulungan kami na magtanim ng bagong pag aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ni Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014

IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1gmail.com